



Sa mga nanay na kasal sa Hapones, para sa kanilang ninanais

## Paano ang proseso para maisama ang mga anak mula sa ibang bansa sa Japan?

Posible para sa dayuhang residente na may visa status bilang "asawa ng Japanese national" na imbitahan ang kanyang mga anak mula sa sariling bayan. Nauunawaan namin ang kagustuhang makasama at manirahan dito ng sama-sama at ito ay para din sa ikabubuti ng mga bata. Kailangan maiayos ng mga magulang ang mga dokumento upang madaling makasunod ang mga anak. At habang bata pa, matuto at masanay sa pamumuhay dto hanggang maging independente at makapagtrabaho at maging bahagi ng mga mamamayang nagbabayad ng buwis sa bansa.

### 1 Kondisyon o status para maimbita ang mga anak ng dayuhang asawa

Edad ng Bata	Uri ng Bisa
6 na taon at pababa, inampon ng Hapon	Kagaya ng sa bisa bilang asawa ng Japanese national
6 na taon at pababa, hindi naampon ng Japanese national	Pangmatagalang Bisa /resident visa
6 na taon at pataas, hindi kinasal	Pangmatagalang Bisa/ resident visa
Nasa tamang gulang na (Hal.: lampas 18 taong gulang sa Tsina, Pilipinas at Brazil)	Maikling pananatili o Bisa ng Turista

**2 Proceso ng Pag-imbita:** A) Kumuha ng "sertifikasyon ng pagpapatunay ng status ng bisa" sa tanggapan ng imigrasyon sa Japan. B) Pagsisiyasat sa aplikasyon. C) Pagbigay ng residence certificate. D) Aplikasyon para sa pag-imbita sa anak E) Pag-apply para sa visa sa consulado ng Japan sa inyong bansa F) Ang pag-apply sa bisa ay aabutan ng mga 3 buwan

**3 Mga dokumentong kailangan sa pag-apply:** 1.Katunayan bilang residente 2.Kopya ng passport ng mga bata, Katibayan ng Kaganapan na nakasalin sa Nihonggo 3. Registro ng Kapamilyang Hapon, katibayan ng pagbabayad ng buwis at ng buwis para sa paninirahan ,katibayan na may trabaho, pagpapatunay ng ID o identipikasyon, certipikasyon ng selyo, at kasulatan ng rason at eligibilidad sa pagpapapunta.

**4 Responsibilidad ng Magulang:** Ang mga bata ay pinapunta ng magulang kung kaya't responsibilidad nila na subaybayan ang kalagayan ng bata habang hindi pa nasasanay sa kulturang Hapon,sa wikang Hapon,sa pakikisama sa Hapong ka-pamilya,at iba pa.Maging relasyon sa sariling ina na hindi nakasama sa matagal ng panahon ay magkakaroon ng puwang. Makakaramdam ng pagkabalisa at paghihirap ng damdamin ang inyong anak kung kaya't hinihimok ang malawak na pang-unawa at pagmamahal ng mga ina sa panahong ito.

Nanay ni A : Isinasama niya ang bata sa mga Nihongo Class para matuto at mag-aral

Amain ni B: Tinuturuan nya ng Nihongo, Hiragana at Katakana ang bata matapos ang hapunan.

Amain ni C: Inilalagay nya kung paano basahin ang mga kanji characters sa kanyang mga libro.

Amain ni D: Isinasama ang bata sa kanyang trabaho kapag walang pasok sa eskuwela para makita ang lugar na kanyang pinagtatrabahuhan.

### 5 Malaki ang inaasahan sa mga batang inimbita

Ang mga bata ay kinakailangang mag-aral ng pagbasa at pagsulat ng Nihongo kung kaya't malaki ang kanilang dapat na pagsisikap kumpara sa ibang bata. Ang lahat ay para din sa kanilang sarili.

Girl E: Nag-aral sa Nihongo Class sa Fujimino ng tatlong buwan bago kumuha ng examen.

Boy F: Dahil sa walang diploma ng pagtatapos sa sariling bansa, nagsimulang mag aral ng Hiragana at 1 taon makalipas, naipasa ang Middle School accreditation exam. Matagumpay din na nakapasa at nakapasok sa prefectural senior high school.

Boy G:Nag-aaral ng Nihongo sa FICEC araw-araw para makapasok sa Japanese senior high school.

**Sustento sa mag-aaral sa junior high school para sa single-parent family.**

Sa Saitama prefecture, ang single-parent at mga pamilyang hindi pinapatawan ng buwis ay maaaring mabigyan ng suporta para sa mga anak na papasok sa junior high school sa darating na Abril.

Magkano: 10,000 yen kada mag-aaral na nakapasok sa junior high school

Paano: Mag-aply sa child care support section dala ang passbook ng iyong banko.

Hanggang: Disyembre 28 (Miyerkules), 2011. Aplikasyon pagkalipas ng deadline ay hindi na tatanggapin.

**Bakuna para makaiwas sa Influenza.**

May bakuna ka na ba laban sa influenza? Ang bakuna ay epektibo dalawang linggo matapos maibigay ito. Ang influenza ay madalas umaabot hanggang sa buwan ng Marso. Ang bakuna ay nirerecomenda. Para sa mag-aaral ng junior high school o mas matanda, isang dosis ay sapat na. Ito ay mula 2,000 hanggang 6,000 yen depende kung saang ospital. Makipag-ugnayan sa ospital para sa karagdagang tanong.

●Pag-iingat sa araw-araw

1. Maayos na pagkain at tamang pahinga.
2. Iwasan ang mga matataong lugar.
3. Panatiliing katamtaman ang temperature.
4. Ugaliing maghugas ng kamay at magmumog pagdating ng bahay.
5. Magsuot ng mask tuwing lalabas ng bahay.

**Ebento**

**Ikatlong ebento "Paglilinis ng parke ng Benten-no-mori at pagtanim ng azaleas."**

Matapos ang paglilinis ng parke sa "Benten-no-mori" kung saan nagkasayahan ang mga bata at mga magulang, nakapagtanim din ng 60 azaleas mula sa Saitama Prefecture. Sama-samang nag-ayos ang mga dayuhang residente at ilang magkakapitbahay matapos ang aktibidad. Ang FICEC ay nagtanim ng isang maliit na puno at naglagay ng name plate bilang pag-alala sa ebento. Pagkatapos, nagkaroon ng salo-salo na ikinasiya ng lahat. Ang pagtitipon ay nagbuklod sa bawat isa para sa mas malalim at masayang pagkakaibigan.



**Ikalawang ebento "Maingat na pagbibisikleta"**

Kamakailan, maraming aksidente sa pagbibisikleta ang iniulat. Ang mga sumali sa ebento ay tinuruan ng tamang batas trapiko kagaya ng ordinaryong sasakyan. Marami ang naliwanagan sa batas trapiko. Sa pagtatapos ng ebento, masayang nagkainan ng mga putaheng Nepal.

**Ika-apat na ebento "Paglalakad at pagbisita sa pitong templo sa Kawagoe shi at pagsasalo" [para sa masayang bagong taon ng 2012]**

Tayo ng maging masaya at masuwerte sa taong 2012. Simulan ang bagong taon sa pagdalaw sa pitong templo ng pitong Diyos ng magandang kapalaran sa Kawagoe City. Ang 7 diyos (Bishamonten, jurōjin, daikokuten, ebisuten, fukurokujin, Hoteison, benzaiten ) Marami ang naniniwala na binibigyan katuparan ng mga patron ang hiling ng mga mananampalataya. Ano ang iyong hiling? Sumama at makiisa.

\*Kailan: Enero 7 (Sabado) mula 10:00- \*Saan: Kawagoe city \*Ito ay libre. \*Tumawag kung may katanungan: FICEC 049-256-4290



\*Tingnan ang mga pagbabago sa sistema ng suporta sa bata mula Oktubre 2011. Pag-aralan ang mga pagbabago sa sistema at hanapin sa isyu ng Oktubre ang mga karagdagang impormasyon.

[www.ficec.jp/living/](http://www.ficec.jp/living/)

●Basahin din ang "Impormasyon sa pamumuhay dito sa Japan" sa 6 na wika.